373 Phil. 703

# THIRD DIVISION

# [ A.M. No. P-99-1340, September 23, 1999 ]

## ZENAIDA MUSNI, COMPLAINANT, VS. ERNESTO G. MORALES, PROCESS SERVER, REGIONAL TRIAL COURT OF MALOLOS, BULACAN (BRANCH 15), RESPONDENT.

## D E C I S I O N

**PANGANIBAN, J.:**

The process server is duty-bound to serve summons, writs and other court processes promptly. Unjustified delay in performing this task constitutes neglect of duty and warrants the imposition of administrative sanctions.

**The Case And The Facts**

Before us is an administrative case for gross neglect of duty filed by Zenaida Musni against Ernesto G. Morales, a process server assigned at the Regional Trial Court of Malolos, Bulacan (Branch 15). In her Complaint-Affidavit received by the Office of the Court Administrator on September 17, 1997, she alleged the following:

> "1. Ako ang siyang nagrereklamo (complainant) sa kasong sibil na may bilang 788-M-96 na may titulong 'Zenaida Musni vs. Sps. Ysaac and Bernardita Tanjutco and the Rizal Commercial Banking Corporation' na nakabinbin sa Regional Trial Court ng Malolos, Bulacan, Branch 15, sala ni Judge CARLOS C. OFILADA.
>
> "2. Ang naturang kaso ay aking inilagak sa (filed with) hukuman ng Malolos, Bulacan noon pang Oktubre 22, 1996;
>
> "2.[a.] Bilang patunay na ang kasong ito ay nailagak sa hukuman sa nasabing petsa, kalakip bilang bahagi ng Sinumpaang Salaysay na ito ang kopya ng Reklamo (Complaint) na may marka ng pagkakatanggap ng Regional Trial Court ng Malolos, Bulacan noong Oktubre 22, 1996 bilang Annex 'A'.
>
> "3. Noong Enero 17, 1997, nakatanggap ang aking abugado ng inamiendahang sagot (Amended Answer) mula sa inereklamong (defendants) mag-asawang Tanjutco na may petsang Enero 7, 1997.
>
> "4. Matagal din naming hinintay ng aking abugado ang sagot (Answer) ng inereklamong (defendant) Rizal Commercial Banking Corporation (RCBC), ngunit magpahanggang sa buwan ng Hulyo 1997, ito'y hindi [pa] dumadating.
>
> "5. Dahil dito ay ilang beses ding sumaglit ang aking abugado sa sala ni Judge OFILADA upang mag-follow up kung ano ang nangyayari o

ginagawa ng process server ng nasabing korte, na nakilala ko na lamang noong bandang huli na na[g]ngangalang ERNESTO G. MORALES, ngunit ayon daw sa mga empleyado ng nasabing korte, ay wala ang nasabing process server.

"6. Dahil dito ay napilitan ang aking abugado na magtalaga (assigned) ng kanyang empleyado, si ROEL OLEDAN, na siyang nagdala ng sulat patungkol sa Clerk of Court ng Branch 15 upang malaman kung ang Summons at kopya ng Reklamo (Complaint) ay na i-serve na sa inerereklamong (defendant) RCBC at kung kailan;

"6.a. Ang kopya ng nasabing sulat ay kalakip at bahagi ng Sinumpaang Salaysay na ito bilang Annex 'B'.

"7. Ang nasabing sulat ay ayaw [pa] di-umanong tanggapin ng process server ng nasabing korte noong ito'y unang dinala ni ROEL OLEDAN noong Hulyo 15, 1997 sa kadahilanang sinabihan daw siya ni BERNARDITA TANJUTCO na huwag daw i-serve ang Summons at kopya ng Reklamo (Complaint) sa inereklamong (defendant) RCBC.

"8. Dahil dito ay bumalik muli si ROEL OLEDAN sa Branch 15 noong Hulyo 18, 1997, at noon lamang tinanggap ang sulat ng aking abugado ng Branch 15;

"8.a. Makailang-ulit ding nagbalik-balik si ROEL OLEDAN sa nasabing korte upang i-follow up ang katugunan sa sulat ng aking abugado, ngunit walang nangyari dito dahil himdi naman daw inaabutan ang process server.

"9. Bagaman ang sulat ay patungkol sa Clerk of Court ng Branch 15 at humihingi ng sertipikasyon kung ang Summons at kopya ng Reklamo (Complaint) ay na i-serve na sa inereklamong (defendant) RCBC, ang nasabing Clerk of Court ay hindi nagbigay ng sertipikasyon at nagbigay na lamang ng kopya ng Process Server's Return of Service na may petsang Hulyo 28, 1997;

"9.a. Ang kopya ng nasabing Process Server's Return of Service ay kalakip at bahagi ng Sinumpaang Salaysay na ito bilang Annex 'C'.

"10. Makikita sa nasabing Process Server's Return of Service na bagaman naglabas ng Summons ang Branch 15 ng Regional Trial Court ng Malolos noong Oktubre 29, 1996, ito at ang kopya ng Reklamo (Complaint) ay pinarating lamang ng process server na si ERNESTO G. MORALES sa nasabing inereklamong (defendant) bangko noong Hulyo 25, 1997, o SIYAM (9) NA BUWAN MATAPOS MAILAGAK ANG REKLAMO (COMPLAINT) SA HUKUMAN.

"11. Kalakip at bahagi ng Sinumpaang Salaysay na ito ang Sinumpaang Salaysay ni ROEL OLEDAN na nagpapatunay sa kanyang mga nasaksihan patungkol sa laman ng aking Sinumpaang Salaysay bilang Annex 'D'.

"12. Dahil sa lahat ng nabanggit aking inirereklamo ang nasabing process